**Mahal naming mga kasali at kanilang tagapag-alaga, kapamilya o kinatawan sa National Disability Insurance Scheme (NDIS)**

Ang sulat na ito ay tungkol sa pagtulong sa inyo ng NDIS Quality and Safeguards Commission (NDIS Commission).

## Ano ang NDIS Commission?

Ang NDIS Commission ay binuo upang mapahusay ang kalidad at kaligtasan ng mga suporta at serbisyo ng NDIS mula sa mga tagabigay nito. Ang NDIS Commission ay naglalagay ng mga patakaran na susundin ng mga tagabigay ng serbisyo upang ang mga serbisyo ay ligtas at sumusunod sa mga pamantayan para sa kalidad.

Ang mga taong may kapansanan ay may karapatan na maging ligtas at makatatanggap ng mga de-kalidad na serbisyo mula sa mga tagabigay at trabahador na piniling susuporta sa inyo sa ilalim ng NDIS.

## Ano ang magagawa namin para sa inyo

Para sa mga taong may kapansanan na tumatanggap ng mga serbisyong pinondohan ng NDIS, ang NDIS Commission ay:

- makakatulong sa pamamagitan ng pakikinig sa inyong mga reklamo tungkol sa mga tagabigay ng serbisyo at makikipagtrabaho sa pagkalutas nito
- sapilitang hihilingin sa mga tagabigay ng serbisyo na paninindigan ang inyong karapatan na maging ligtas laban sa anumang kapahamakan
- sasabihin sa mga trabahador at tagabigay ng serbisyo kung ano ang nararapat nilang gawin upang matiyak na makapagbibigay sila ng mga magandang serbisyo sa inyo, sa pamamagitan ng NDIS Code of Conduct at NDIS Practice Standards
- pag-utusan ang mga rehistradong mga tagabigay ng serbisyo ng NDIS na mag-ulat sa lahat ng mga seryosong nangyayari, kabilang na ang pang-aabuso at pagkapabaya (kahit ang mga paratang)
- pagbibigay ng impormasyon at payo upang mapahusay ang mga hinaharap na serbisyo.

## Puwedeng magreklamo

**Mayroon kayong karapatan na ipahayag ang inyong mga pag-aalala tungkol sa mga suporta at serbisyo ng NDIS kung hindi kayo masaya sa mga ito. Ang pagsasabi ng mga ito ay makakatulong sa pagpapahusay ng mga suporta at serbisyo para sa inyo at sa mga ibang tao.**

Hinihikayat namin na pag-uusapan muna ninyo sa mga tagabigay ng serbisyo para matingnan kung maaari ninyong malutas ang inyong mga pag-aalala. Maaari kayong magpatulong sa isang mapagkakatiwalaan o isang malayang tagapagtaguyod, na tulungan kayo. Maaari kayong makahanap mula sa listahan ng mga malayang tagapagtaguyod sa Disability Advocacy Finder.

Kung sa pag-aakala ninyo ay hindi natrato ng tama ang tagabigay ng serbisyo ang inyong reklamo, o ayaw ninyong makausap mismo ang inyong tagabigay ng serbisyo, kami ang kausapin ninyo.

Maaari kayong maghain sa amin ng reklamo sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng aming online complaints contact form. Kung naghain kayo ng reklamo, maaari ninyong sabihin kung paano ninyo gustong makuha ang impormasyon (hal. sa telepono, email, mga madaling mabasa na mga pulyetos, nasa Auslan o iba pang wika o uri ng nakakatulong na pag-uusap).

### Dagdagan ang kaalaman

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa NDIS Commission, kasama na kung ano ang pakinabang ninyo dito, sa pagbisita ng NDIS participants webpage, sa pamamagitan ng Participant Welcome Pack, o sa pagtawag sa **1800 035 544** (walang bayad kapag sa de-linyang telepono).

Inaabangan kong makatrabaho kayo, ang inyong mga pamilya, tagapag-alaga at tagapagtaguyod, upang mapahusay ang mga suporta at serbisyong tinatanggap ninyo bilang bahagi ng NDIS.

Kami ay magtatrabaho kasama ang mga tagabigay ng serbisyo at trabahador, sa paglutas sa mga problema at mapahusay ang kalidad at kaligtasan ng mga suporta ng NDIS—para sa iyo at sa iba pang mga tao na tumatanggap ng mga serbisyong pinondohan ng NDIS.

Sumasainyo ng tapat,

Graeme Head AO
**NDIS Quality and Safeguards Commissioner**

1 Disyembre 2020

Ref: D20/25124

www.facebook.com/NDISCommission

www.linkedin.com/company/ndiscommission

T 1800 035 544
E contactcentre@ndiscommission.gov.au

PO Box 210
Penrith NSW 2750
www.ndiscommission.gov.au